

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 13, 2021

Kontak: Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyon ng Komunidad, 562.570.3233,
Jane.Grobaty@longbeach.gov.

Para sa Agarang Release

Ipagpapatuloy ng Parks, Recreation and Marine ang Pag-isyu ng Mga Permit sa Reserbasyon para sa Mga Picnic Grove at Bandshell Simula Mayo 24

Long Beach, CA - Itutuloy ng [Department of Parks, Recreation and Marine \(PRM\)](#) ng Lungsod ng Long Beach ang pag-isyu ng mga permit sa reserbasyon para sa mga picnic grove, bandshell at ampitheater sa Lunes, Mayo 24.

“Salamat sa ating sama-samang pagsisikap para mabawasan ang paglaganap ng COVID-19, lumipat na sa Tier na Dilaw ang Lungsod na nagpapahintulot na ligtas na magtipon ang mga grupong mababa sa 100 sa mga nakareserbang lugar sa labas ng gusali sa parke,” ayon kay Alkalde Robert Garcia. “Inaasahan naming makapagbigay ng mga permit para sa mga kaganapan sa loob ng gusali at sa mga sentro ng komunidad ng parke sa hinaharap.”

Kabilang sa mga lugar sa labas na maaaring ireserba ay ang mga lugar na pam-picnic ng Parke Kanluran ng El Dorado, kabilang ang Willow Grove; mga bandshell sa mga parke ng Bixby at Libangan; Ampitheater Cesar E. Chavez; at mga picnic grove sa Panrehiyong Parke ng El Dorado. Kinakailangang hilingin ang mga permit nang hindi bababa sa dalawang linggo bago ang kaganapan.

Available online ang mga detalye tungkol sa pag-a-apply ng mga permit, bayarin at iba pang impormasyon para sa lahat ng lugar ng PRM sa pamamagitan ng pagbisita sa LBparks.org at pag-click sa “Facility Reservations Permits.” Kailangang sundin ng mga interesado sa paghiling ng permit para sa isang patrikular na lokasyon ang mga panuto sa ibaba:

- **Mga picnic grove sa Parke Kanluran ng El Dorado; mga bandshell sa mga parke ng Bixby at Libangan; at Parkeng Amphitheater Cesar E. Chavez**
 - Nang personal sa Opisina ng mga Pagpapareserba ng PRM, na matatagpuan sa 2670 N. Studebaker Road, Lunes hanggang Biyernes, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (Kinakailangan ang appointment para makapasok sa Opisina ng mga

Pagpapareserba ng PRM, at maaaring gawin [online](#). 4 p.m. ang pinakahuling oras para sa appointment.

- Maaaring ipadala sa pamamagitan ng email ang mga form at lisensya sa pagmamaneho sa PRM-Info@longbeach.gov o i-fax sa 562.570.3113. Makikipag-ugnayan sa customer ang isang kinatawan ng opisina para makumpleto ang proseso ng aplikasyon at magse-setup ng parehong araw na pagbabayad online para sa customer kapag nagawa at inaprubahan ang permit. Kakanselahin ang permit kapag hindi nabayaran pagkatapos ng araw. Para sa higit na impormasyon, maaaring tumawag ang mga tao sa 562.570.3111.
- **Mga picnic grove sa Panrehiyong Parke ng El Dorado**
 - Nang personal sa Nature Center ng Parke ng El Dorado, Center para sa mga Bisita, na matatagpuan sa 7550 E. Spring St., Martes hanggang Linggo, mula 8:30 a.m. hanggang 4 p.m.
 - Maaaring isumite ang mga aplikasyon sa parehong oras at ipoproseso ito sa susunod na araw ng negosyo. Makikipag-ugnayan ang isang tauhan sa tagapagtangkilik para makumpleto ang aplikasyon. Para sa higit na impormasyon, tumawag sa 562.570.1750.

Available ang impormasyon tungkol sa mga narereserbang lugar na pam-picnic at naayong bayarin sa [webpage ng mga Pagpapareserba ng Pasilidad ng PRM](#).

Available ang mga aplikasyon para sa permit at mga form ng patakaran sa [webpage ng Pagpapareserba ng Pasilidad ng PRM](#).

Para tumugma sa kasalukuyang [Kautusang Pangkalusugan ng Lungsod](#) para sa Tier na Dilaw (Napakaliit), kabilang sa mga protocol pangkalusugan ng COVID-19 para sa picnic grove at bandshell ang:

- Pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa ibang indibidwal, kahit na nakasuot ng takip sa mukha.
- Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% ng alkohol, nang singdaldas hangga't maaari.
- Iwasan ang pakikipagkamay.
- Huwag lumahok kung masama ang pakiramdam.
- Gumamit ng takip sa mukha.

Tumigil ang mga reserbasyon sa PRM noong isang taon dahil sa mga pagbabawal kaugnay ng pampublikong kalusugan at mga pag-iingat na pangkaligtasan kaugnay ng pandemyang dulot ng COVID-19. Ngayong nakakita na ang Long Beach ng malaki at patuloy na pagbaba sa mga

kaso at pagkakaospital kaugnay ng COVID-19, at habang mas maraming tao ang nababakunahan, muling nagkakapagbigay ng reserbasyon ang PRM.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at i-follow ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###